# *Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 54*
# *Ang Sulat ni Jesus sa simbahan ng Tiatira Yugto 6*

***"18 At sa anghel ng iglesia sa Tiatira ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Anak ng Dios, na may mga matang gaya ng ningas ng apoy, at ang kaniyang mga paa ay gaya ng tansong binuli :19 Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at ang iyong pagibig, at pananampalataya at ministerio at pagtitiis, at ang iyong mga huling gawa ay higit kay sa mga una.20 Datapuwa't mayroon akong laban sa iyo, na pinahintulutan mo ang babaing si Jezebel, na nagpapanggap na propetisa; at siya'y nagtuturo at humihikayat sa aking mga lingkod upang makiapid, at kumain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan. 21At binigyan ko siya ng panahon upang makapagsisi; at siya'y ayaw magsisi sa kaniyang pakikiapid. 22Narito, akin siyang iniraratay sa higaan, at ang mga nakikiapid sa kaniya sa malaking kapighatian, maliban na kung sila'y magsisipagsisi sa kaniyang mga gawa.23 At papatayin ko ng salot ang kaniyang mga anak; at malalaman ng lahat ng mga iglesia na ako'y yaong sumasaliksik ng mga pagiisip at ng mga puso: at bibigyan ko ang bawa't isa sa inyo ng ayon sa inyong mga gawa.24 Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, sa mga iba na nasa Tiatira, sa lahat ng walang aral na ito, na hindi nakakaalam ng malalalim na bagay ni Satanas, gaya ng sinasabi nila; hindi na ako magpapasan sa inyo ng ibang pasan. 25Gayon ma'y ang nasa inyo'y panghawakan ninyong matibay hanggang sa ako'y pumariyan. 26At ang magtagumpay, at tumupad ng aking mga gawa hanggang sa katapusan, ay bibigyan ko ng kapamahalaan sa mga bansa: 27At sila'y paghaharian niya sa pamamagitan ng isang panghampas na bakal, gaya ng pagkadurog ng mga sisidlang lupa ng magpapalyok; gaya naman ng tinanggap ko sa aking Ama: 28At sa kaniya'y ibibigay ko ang tala sa umaga. 29Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia." (Pahayag 2:18-29)***

***"23 At papatayin ko ng salot ang kaniyang mga anak; at malalaman ng lahat ng mga iglesia na ako'y yaong sumasaliksik ng mga pagiisip at ng mga puso: at bibigyan ko ang bawa't isa sa inyo ng ayon sa inyong mga gawa." (Pahayag 2:23)***

Si Cristo ay namatay sa krus at ibinuhos ang kanyang dugo para sa simbahan upang walang maging kapintasan, dungis, at kapintasan. Sa gayon, kapag ang simbahan ay masama at nagsimulang gumawa ng masasamang bagay gagamitin ng Panginoon ang Kanyang mga propeta at ang Kanyang mga lingkod upang gawin ang kakila-kilabot na mga bagay. * Kaya kailangan nating manatili kung saan tayo naroroon upang gawin ang Kanyang gawain at ang nais Niyang gawin natin. Ito ang gagawin natin upang dalhin ang paghatol ng Diyos sa masasama, upang hayaang ang paghihigati ng Diyos ay bumagsak sa kanila, at upang protektahan ang ating mg sarili at ang nalalabing kasama natin, upang dalhin ang iba sa pananampalataya, at bigyang pagkakataon ang masasama sa pagsunod kay Jezebel at Ahab para magsisi at maglingkod sa Diyos.

Sa Bagong Tipan mapapansin natin ang ilang mga kakila-kilabot na bagay na ipinahintulot ng Diyos sa Kanyang mga propeta upang gawin at gaya ng sumusunod:

***1. <u>Si Pedro ay tumayo kasama ng Banal na Espiritu at sumangayon tungkol sa pagkamatay ni Ananias at Sapira</u>: "1 Datapuwa't isang lalake na tinatawag na Ananias, na kasama ng kaniyang asawang si Safira, ay nagbili ng isang pag-aari, 2At inilingid ang isang bahagi ng halaga, na nalalaman din ito ng kaniyang asawa, at dinala ang isang bahagi, at inilagay sa mga paanan ng mga apostol. 3Datapuwa't sinabi ni Pedro, Ananias, bakit pinuspos ni Satanas ang iyong puso upang magsinungaling sa Espiritu Santo, at upang maglingid ng isang bahagi ng halaga ng lupa? 4Nang yao'y nananatili pa, hindi baga yao'y nanatiling iyong sarili? at nang maipagbili na, hindi baga nasa iyo ring kapangyarihan? Ano't inisip mo pa ang bagay na ito sa iyong puso? hindi ka nagsinungaling sa mga tao, kundi sa Dios. 5At nang marinig ni Ananias ang mga salitang ito ay nahandusay at nalagot ang hininga: at sinidlan ng malaking takot ang lahat ng nangakarinig nito. 6At nagsitindig ang mga kabinataan at siya'y binalot, at kanilang dinala siya sa labas at inilibing.7At may tatlong oras ang nakaraan, nang ang kaniyang asawa, na di nalalaman ang nangyari, ay pumasok. 8At sinabi sa kaniya ni Pedro, Sabihin mo sa akin kung ipinagbili ninyo ng gayon ang lupa. At sinabi niya, Oo, sa gayon. 9Datapuwa't sinabi sa kaniya ni Pedro, Bakit kayo'y nagkasundo upang tuksuhin ang Espiritu ng Panginoon? narito, nangasa pintuan ang mga paa ng mga nagsipaglibing sa iyong asawa, at kanilang dadalhin ka sa labas. 10At pagdaka'y nahandusay sa paanan niya ang babae, at nalagot ang hininga: at nagsipasok ang mga kabinataan at nasumpungan siyang patay, at siya'y kanilang inilabas at inilibing siya sa siping ng kaniyang asawa. 11At sinidlan ng malaking takot ang buong iglesia, at ang lahat ng nangakarinig ng mga bagay na ito." (Mga Gawa 5:1-11)*** Ang nangyari ay katulad ng pagbabato sa Lumang Tipan. Si Pedro ay hindi nagsalita kung bakit ginawa ng Diyos ang ganoon at hindi siya nakisimpatya sa mga gumagawa ng masama. Sinabi ni Pedro sa asawa ni Ananias sa pagsunod sa kasunduan ng Banal na Espíritu ng Diyos: "***narito, nangasa pintuan ang mga paa ng mga nagsipaglibing sa iyong asawa, at kanilang dadalhin ka sa labas." **** Kapag tayo'y sumama sa Diyos, gagawin Niya ang tiyak na mga bagay upang dalhin ang Kanyang takot sa

Kanyang bayan. Hihikayatin Niya ang mga may takot sa Kanya upang patuloy na gawin ito, at para sa masasama upang sawayin at pigilan mula sa kanilang masamang ginagawa. * Ngunit kung tayo'y tatayong kasama ng masasama at makisimpatya sa kanila ang kasamaan ay higit pang lalaganap.

***2. Sinaway din ni Pedro si Simon na gustong bilihin ang mga kaloob ng Banal na Espíritu sa pamamagitan ng salapi: "20 Datapuwa't sinabi sa kaniya ni Pedro, Ang iyong salapi'y mapahamak na kasama mo, sapagka't inisip mong tamuhin ang kaloob ng Dios sa pamamagitan ng salapi. 21Wala kang bahagi ni kapalaran man sa bagay na ito: sapagka't ang puso mo'y hindi matuwid sa harap ng Dios. 22Magsisi ka nga sa kasamaan mong ito, at manalangin ka sa Panginoon, baka sakaling ipatawad sa iyo ang pagiisip ng iyong puso. 23Sapagka't nakikita kong ikaw ay nasa apdo ng kapaitan at sa tali ng katampalasanan." (Mga Gawa 8:20-23)*** Dito kailangang nating manindigan kasama ng Diyos at pigilan ang mga nagnanais na itulak ang kanilang sariling maling mga paraan upang wasakin ang mga bagay ng Diyos. * Marami ang sumusubok na maglingkod at ministerio sa hindi ipinahayag na paraan ng Diyos at kinakamit nila ang kanilang sariling kagustuhan at hindi ng kalooban ng Diyos, kaya kailangan nating maging maingat para kilalanin sila at harapin sila. Minsan madaling makilala sila, ngunit minsan sila'y nagsusuot ng maskara at hindi mo makikita sila, at minsan makikila lamang natin sila sa kanilang bunga gaya ng sinabi ni Jesus, ***"17 Gayon din naman ang bawa't mabuting punong kahoy ay nagbubunga ng mabuti; datapuwa't ang masamang punong kahoy ay nagbubunga ng masama. 18Hindi maaari na ang mabuting punong kahoy ay magbunga ng masama, at ang masamang punong kahoy ay magbunga ng mabuti. 19Bawa't punong kahoy na hindi nagbubunga ng mabuti ay pinuputol, at inihahagis sa apoy. 20Kaya't sa kanilang mga bunga ay mangakikilala ninyo sila.21 Hindi ang bawa't nagsasabi sa akin, Panginoon, Panginoon, ay papasok sa kaharian ng langit; kundi ang gumaganap ng kalooban ng aking Ama na nasa langit. 22Marami ang mangagsasabi sa akin sa araw na yaon, Panginoon, Panginoon, hindi baga nagsipanghula kami sa iyong pangalan, at sa pangalan mo'y nangagpalayas kami ng mga demonio, at sa pangalan mo'y nagsigawa kami ng maraming gawang makapangyarihan? 23At kung magkagayo'y ipahahayag ko sa kanila, Kailan ma'y hindi ko kayo nangakilala: magsilayo kayo sa akin, kayong manggagawa ng katampalasan." (Mateo 7:17-23)*** Ang gumagawa ng masama ay nakikita at nalalantad sa kung anong uri ng kinalabasan ng kanilang kinakamit. * Narito din sinabi ni Jesus sa isang malinaw na paraan sa atin na kahit na ang mga gumagawa ng mabubuting bagay ng mga himala at nagpapalabas ng demonyo, ngunit hangga't hindi nila ginagawa ang kalooban ng Diyos ang Ama, sila'y hindi makakapasok sa Kaharian ng Diyos. * Tinawag sila ni Jesus na manggagawa ng katampalasan. Kaya kailangan nating maging matapang nang sapat at sawayin ng harapan, at huwag matakot sa mga tao at sa gagawin nilang pananakit kung haharapin natin sila. Kailangan nating gawin ang ganoon upang ang simbahan ng Diyos ay hindi maging kagaya ng simbahan sa Tiatira kung saan ang mga gumagawa ng masama ay hinayaang lumago at gawin ang kanilang sariling kagustuhan.

***3. Si JesuCristo Mismo ang bumulag kay Saul na lumulusob sa simbahan:*** Si Saul ay kagaya ng mga tao ni Jezebel na lumusob kay Naboth at sa mga totoong propeta ng Diyos. Si Saul ay nagbabahay bahay upang dakipin ang mga tagasunod ng Panginoon at ilagay sila sa bilanguan. Si Jesus at hindi ang diablo ang bumulag kay Saul upang pigilan siya sa pananakit sa mga banal, at si Saul ay nagsisi sa ganoon at ang kanyang paningin ay nanumbalik sa kanya pagkatapos na si Ananias ay pumunta sa kanya, ***"1 Datapuwa't si Saulo, na sumisilakbo pa ng mga pagbabanta at pagpatay laban sa mga alagad ng Panginoon, ay naparoon sa dakilang saserdote, 2At humingi sa kaniya ng mga sulat sa Damasco sa mga sinagoga, upang kung siya'y makasumpong ng sinoman sa mga nasa Daan, maging mga lalake o mga babae, ay kaniya silang madalang gapos sa Jerusalem. 3At sa kaniyang paglalakad, ay nangyari na siya'y malapit sa Damasco: at pagdaka'y nagliwanag sa palibot niya ang isang ilaw mula sa langit: 4At siya'y nasubasob sa lupa, at nakarinig ng isang tinig na sa kaniya'y nagsasabi, Saulo, Saulo, bakit mo ako pinaguusig? 5At sinabi niya, Sino ka baga, Panginoon? At sinabi niya, Ako'y si Jesus na iyong pinaguusig: 6Nguni't magtindig ka, at ikaw ay pumasok sa bayan, at sasalitain sa iyo ang dapat mong gawin. 7At ang mga taong kasama niya sa paglalakad ay nangatilihan na hindi makapagsalita, na naririnig ang tinig, datapuwa't walang nakikitang sinoman. 8At nagtindig sa lupa si Saulo; at pagkadilat ng kaniyang mga mata, ay di siya nakakita ng anoman; at kanilang inakay siya sa kamay at ipinasok siya sa Damasco. 9At siya'y tatlong araw na walang paningin, at hindi kumain ni uminom man.10 Ngayon nga'y may isang alagad sa Damasco, na nagngangalang Ananias; at sinabi sa kaniya ng Panginoon sa pangitain, Ananias. At sinabi niya, Narito ako, Panginoon. 11At sinabi sa kaniya ng Panginoon, Magtindig ka, at pumaroon sa lansangang tinatawag na Matuwid, at ipagtanong mo sa bahay ni Judas ang isa na nagngangalang Saulo, lalaking taga Tarso: sapagka't narito, siya'y nananalangin; 12At nakita niya ang isang lalaking nagngangalang Ananias na pumapasok, at ipinapatong ang kaniyang mga kamay sa kaniya, upang tanggapin niya ang kaniyang paningin. 13Nguni't sumagot si Ananias, Panginoon, nabalitaan ko sa marami ang tungkol sa taong ito, kung gaano karaming kasamaan ang ginawa niya sa iyong mga banal sa Jerusalem: 14At dito siya'y may kapahintulutan ng mga pangulong saserdote na gapusin ang lahat ng mga nagsisitawag sa iyong pangalan. 15Datapuwa't sinabi sa kaniya ng Panginoon, Pumaroon ka: sapagka't siya'y sisidlang hirang sa akin, upang dalhin ang aking pangalan sa harapan ng mga Gentil at ng mga hari, at ng mga anak ni Israel: 16Sapagka't sa kaniya'y aking ipakikilala kung gaano karaming mga bagay ang dapat niyang tiisin dahil sa aking pangalan. 17At umalis si Ananias at pumasok sa bahay; at ipinatong ang kaniyang mga kamay sa kaniya na sinabi, Kapatid na Saulo, ang***

***Panginoon, sa makatuwid baga'y si Jesus, na sa iyo'y napakita sa daan na iyong pinanggalingan, ay nagsugo sa akin, upang tanggapin mo ang iyong paningin, at mapuspos ka ng Espiritu Santo. 18At pagdaka'y nangalaglag mula sa kaniyang mga mata ang mga parang kaliskis, at tinanggap niya ang kaniyang paningin; at siya'y nagtindig at siya'y binautismuhan; 19At siya'y kumain at lumakas. At siya'y nakisamang ilang araw sa mga alagad na nangasa Damasco. 20At pagdaka'y kaniyang itinanyag sa mga sinagoga si Jesus, na siya ang Anak ng Dios." (Mga Gawa 9:1-20)*** Kaya si Saul ay nabulag sa pamamagitan ni Jesus at ang kanyang paningin ay nanumbalik sa kanya pagkatapos na siya ay magsisi, at siya'y nagsimulang maglingkod sa Diyos. Kailangan nating sumangayon sa Diyos upang ang mga tao ay magsisi at magsimulang maglingkod sa Diyos kasama natin. Sa ilang pagkakataon ay kailangan nating maging masama upang maging maawain.

***4. Sa huli, ang parehong si Saul na tinatawag na Pablo ay ipinahayag ang paghatol ng Diyos kay Barjesus ang bulaang propeta at binulag siya para sa kaunting panahon sapagkat pinipigilan niya ang isang tao na manampalataya: "6 At nang kanilang matahak na ang buong pulo hanggang sa Pafos, ay nakasumpong sila ng isang manggagaway, bulaang propeta, Judio, na ang kaniyang pangalan ay Bar-Jesus; 7Na kasama ng proconsul, Sergio Paulo, lalaking matalino. Ito rin ang nagpatawag kay Bernabe at kay Saulo, at minimithing mapakinggan ang salita ng Dios. 8Datapuwa't si Elimas na manggagaway (sapagka't ganito nga ang pakahulugan sa kaniyang pangalan) ay humadlang sa kanila, na pinagsisikapang ihiwalay sa pananampalataya ang proconsul. 9Datapuwa't si Saulo, na tinatawag ding Pablo, na puspos ng Espiritu Santo, ay itinitig sa kaniya ang kaniyang mga mata, 10At sinabi, Oh puspos ng lahat ng karayaan at ng lahat ng kasamaan, ikaw na anak ng diablo, ikaw na kaaway ng lahat ng katuwiran, hindi ka baga titigil ng pagpapasama sa mga daang matuwid ng Panginoon? 11At ngayon, narito, nasa iyo ang kamay ng Panginoon, at mabubulag ka, na hindi mo makikita ang araw na kaunting panahon. At pagdaka'y nahulog sa kaniya ang isang ulap at ang isang kadiliman; at siya'y nagpalibot na humahanap ng sa kaniya'y aakay sa kamay. 12Nang magkagayon, pagkakita ng proconsul sa nangyari, ay nanampalataya, na nanggigilalas sa aral ng Panginoon." (Mga Gawa 13:6-12)*** Ipinahayag ni Pablo ang paghatol ng Diyos sa taong iyo at nagdulot sa kanya ng mabilis na pagkabulag. Na kinakailangang gawin sa taong iyon upang ang procunsol ng bansa ay lumapit sa Panginoon. Kailangan nating sumangayon sa Diyos at gawin ang napaka marahas na mga bagay na gustong gawin natin ng Diyos, kahit na ang isang napaka marahas, upang ang mga tao na hinahadlangan ng mga gumagawa ng masama at ang mga nagdudulot ng pagkakahati-hati ay mapigilan, at ang walang muwang ay bumalik sa tamang daan ng buhay na itinalaga ng Diyos.

***5. Tinuruan ni Pablo ang simbahan upang ihand over ang masasamang tao kay Satanas at upang paalisin siya sa simbahan: "4 Sa pangalan ng ating Panginoong Jesus, nang nangagkakatipon kayo, at ang aking espiritu, na taglay ang kapangyarihan ng ating Panginoong Jesus, 5Upang ang ganyan ay ibigay kay Satanas sa ikawawasak ng kaniyang laman, upang ang espiritu ay maligtas sa araw ng Panginoong Jesus.6 Hindi mabuti ang inyong pagmamapuri. Hindi baga ninyo nalalaman na ang kaunting lebadura ay nagpapakumbo sa buong limpak? 7Alisin ninyo ang lumang lebadura, upang kayo'y maging bagong limpak, na tulad sa kayo'y walang lebadura. Sapagka't ang kordero ng ating paskua ay naihain na, sa makatuwid baga'y si Cristo: 8Kaya nga ipangilin natin ang pista, hindi sa lumang lebadura, ni sa lebadura man ng masamang akala at ng kasamaan, kundi sa tinapay na walang lebadura ng pagtatapat at ng katotohanan.9 Isinulat ko sa inyo sa aking sulat na huwag kayong makisama sa mga mapakiapid; 10Tunay nga hindi ang ibig sabihin ay sa mga mapakiapid sa sanglibutang ito, o sa mga masasakim at mga manglulupig, o sa mga mananamba sa diosdiosan; sapagka't kung gayo'y kinakailangang magsialis kayo sa sanglibutan: 11Datapuwa't sinusulatan ko nga kayo, na huwag kayong makisama sa kanino mang tinatawag na kapatid, kung siya'y mapakiapid, o masakim, o mananamba sa diosdiosan, o mapagtungayaw, o manglalasing, o manglulupig; sa gayo'y huwag man lamang kayong makisalo. 12Sapagka't ano sa akin ang humatol sa nangasa labas? Hindi baga kayo nagsisihatol sa nangasa loob? 13Datapuwa't sa nangasa labas ay Dios ang humahatol. Alisin nga ninyo sa inyo ang masamang tao." (1 Corinto 5:4-13)*** Ang ilang mga tao ay hindi dapat manatili sa simbahan. Hindi tayo tinawag upang hatulan ang mga tao sa sanglibutan, kundi hatulan ang mga mananampalataya sa nasa loob ng simbahan. Si Pablo dito ay hindi lamang ibinigay ang ganoong mga tao sa diablo kundi inutusan sila na paalisin ang ganoong tao mula sa kanilang pakikipagpisan. * Ang sumusuod na mga pamantayan ay hindi dapat manatili sa simabahan ng Diyos: mga nakikiapid, nag-iimbot sa mga bagay na materyal, sumasamba sa mga dios diosan, mga riles, (mga mandaraya) manginginom at mangingikil. Hindi dapat tayong matakot na paalisin ang mga tao at ibigay sila kay Satanas upang tratuhin sila ng nararapat sa kanila kapag tumanggi silang baguhin ang kanilang mga paraan sa mga daan ng Diyos. Ang kanilang mga katawan ay pupuksain ng diyablo, at yaon ang kanilang disiplina, upang ang kanilang mga kaluluwa ay maligtas.

***6. Itinagubulin din ni Pablo na ibigay kay Satanás ang mga bulaang mga guro na pumupuksa sa pananampalataya ng mga kapatiran sa pamamagitan ng hindi totoong katuruan na kanilang itinuturo: "18 Ang biling ito ay ipinagtatagubilin ko sa iyo, Timoteo na aking anak, ayon sa mga hula na nangauna tungkol sa iyo, upang sa pamamagitan ng mga ito ay makipagbaka ka ng mabuting pakikipagbaka; 19Na ingatan mo ang pananampalataya at ang mabuting budhi; na nang ito'y itakuwil ng iba sa kanila ay***

***nangabagbag tungkol sa pananampalataya: 20Na sa mga ito'y si Himeneo at si Alejandro; na sila'y aking ibinigay kay Satanas, upang sila'y maturuang huwag mamusong." (1 Timoteo 1:18-20) "16 Datapuwa't ilagan mo ang mga usapang walang kabuluhan: sapagka't sila'y lalong magpapatuloy sa kasamaan, 17At ang kanilang salita ay kakalat na gaya ng ganggrena: na sa mga ito ay si Himeneo at si Fileto; 18 Na mga taong tungkol sa katotohanan ay nangasinsay, na sinasabing ang pagkabuhay na maguli ay nakaraan na, at ginugulo ang pananampalataya ng iba. " (2 Timoteo 2:16-18)*** Yaong mga bulaang mga guro kanilang itinuturo na ang pagkabuhay na maguli ay nakaraan na at ginulo at nagdulot sa iba upang magkamali. Kailangang ibigay kay Satanas ang mga guro na hindi nagtuturo ng tamang mga katuruan upang ang iba ay madaya at masira.

***7. Sinabi ni Pablo sa simbahan na gagamitin niya ang pamalo upang paluin sila kung hindi babaguhin ang kanilang mga paraan: "18 Ang mga iba nga'y nangagpapalalo, na waring hindi na ako mapapariyan sa inyo. 19 Nguni't ako'y pariiriyan agad sa inyo, kung loloobin ng Panginoon; at aking aalamin, hindi ang salita ng nangagpapalalo, kundi ang kapangyarihan.20 Sapagka't ang kaharian ng Dios ay hindi sa salita, kundi sa kapangyarihan.21 Anong ibig ninyo? pariiriyan baga ako sa inyo na may panghampas, o sa pagibig, at sa espiritu ng kahinahunan?" (1 Corinto 4:18-21)*** Siguradong si Pablo ay kinamuhian ng mga masuwayin at pinabantaan ni Pablo upang hampasin ng pamalo. Sa gayon kapag tayo ay tinawag upang gawin ang ganoong mga bagay hindi dapat tayong matakot na ipatupad ang hatol ng Diyos sa mga gumagawa ng masama.

Kapag ang simbahan ay maluwag at kapag ang mga namumuno ay tumangging disiplinahin ang mga tao ang mga tao ay magpapatutot sa maling direksyon ng buhay at magiging marahas at tututol na magbago. Sa ngayon nasaksihan natin ang maraming simbahan na maluwag na hinahayaan ang masasamang bagay na maganap sa kalagitnaan nito, at iyon ang nakapanghihina ng loob sa mga simbahang nagdidisiplina upang patuloy na disiplinahin ang kanilang mga kasapi. Ngunit iyon ay hindi dapat maging hadlang sa masunurin upang manindigan kasama ng Diyos at gawin ang pinaka bagay na itinatagubilin ng Banal na Kasulatan. * Hindi kabastusan at hindi pagbibigkas ng mga sumpa sa mga tao, ngunit ito ang paraan upang ibigay ang lunas at gamot sa mga taong maysakit, sugapa at komportableng namumuhay sa mga kasalanan. * Sa panghuhula ang masama ay tatanggap ng sumpa mula sa Diyos. Upang ihayag iyon at manindigan para ito ay maganap ay mabuting bagay, at kapag ang Banal na Espiritu ay nanguna sa atin upang gawin ang ganoon sa gayon hindi dapat tayong mag-atubiling sumunod sa Diyos.

Sa pamamagitan ng aking paglilingkod, Akin ng nagawa ang iba't iban masasakit na hakbang sa ministerio ng Diyos na ipinagkatiwala sa aking kamay. Nagawa ko ng sawayin ang mga tao, akin ng ginamit ang pamalo, nagawa ko ng hampasin ang mga tao, nagawa ko ng bigkasin ang propesiya na kapahamakan ng Diyos sa masasama, nagawa ko nang ibigay kay Satanás, at sumangayon ako sa Diyos sa lahat ng mga kalamidad at mga salot na ipinadala Niya upang disiplinahin ang Kanyang simbahan at ang Kanyang bayan, at natuto mula sa Diyos sa pagsunod sa aking paglilingkod sa Kanya.

- Ako'y maninindigan sa Kanya kahit wala ni isang maiwan na tatayong kasama ko.
- Ako'y magtitiwala lamang sa Kanyang Salita sapagkat iyon lamang ang bagay na mananatili magpakailan man.
- Kailanman ay hindi ako magtitiwala sa tao, kahit na ang lahat ng mga tao ay kasama ko, habang ang Kanyang Salita ay nasira.

***"24 Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, sa mga iba na nasa Tiatira, sa lahat ng walang aral na ito, na hindi nakakaalam ng malalalim na bagay ni Satanas, gaya ng sinasabi nila; hindi na ako magpapasa sa inyo ng ibang pasan." (Pahayag 2:24)*** Nang sinabi Niya sa atin, hindi na ako magpapasa sa inyo ng ibang pasan, dahil inaasahan Niya mula sa atin na gagawin natin ang lahat ng ganoon na ating tinalakay sa itaas at iyon kumbaga ang ating tunay na pasanin sa ngayon upang manindigan laban sa diablo at sa lahat ng kanyang mga tagasunod at sa kanyang mga tagasunod sa simbahan ng Tiatira ngayon.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Tayo ngayon ay magsisi at bumalik sa Diyos at maging handa na manindigan kasama Niya at huwag makisimpatya sa gawaing masama at sa gumagawa ng masama, kundi tanggapin at sangayunan ang paghatol ng Diyos na ipapadala Niya sa atin. Sa ganoong paraan ang Panginoon ang magpapagaling sa ating lupain at panunumbalikin ang Kanyang mga pagpapala pabalik sa atin kung handa tayo ngayon na pasanin ang kabigatan na itinalaga Niya sa atin upang pasanin.

Ang Panginoon ay patuloy na poprotektan tayo at magbibigay para sa atin, ngunit kailangan nating manatili sa mga lugar na itinakda sa atin; kahit na tayo ay itinalaga sa simbahan ng Tiatira, kailangan nating manatili at manindigan at saliungatin ang gumagawa ng masama at gawin ang ating mga takdang gawain ng maayos sa Diyos, na patuloy na papahiran tayo at ibibigay sa atin ang tiyak na mga tagubilin na kailangan nating gawin para kamitin ang Kanyang kalooban; upang dalhin ang paghatol ng Diyos sa masama, upang protektahan ang ating sarili at sa mga gustong sumunod at bigyang pagkakataon ang masama na magsisi at bumalik sa Diyos at simulang maglingkod sa Kanya.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Diyos, Ako'y lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon, salamat para sa iyong Salita na nakapaghikayat sa akin na patuloy na manindigan at maglingkod sa iyo sa paggawa ng aking mga takdang gawain upang tuparin ang iyong kalooban sa aking buhay.*

*Ipagtapat ang iyong mga kasalanan sa Diyos. Panginoon patawarin ako sa sumusunod na mga kasalanan ___________________________________. Magsisi sa pagkatakot sa mga tao at pagtakas sa paggawa ng mga takdang gawain ng Panginoon nang ganap.*

*Panginoon aking itinatalaga ang aking sarili upang sumunod sa iyong Salitang ito na aking tinanggap sa mensaheng ito. Panginoon aking itinatalaga ang aking sarili na manindigan laban sa kasamaann, kasakiman, maling mga katuruan, immoralidad, at lahat ng mga gawain ng diablo. Panginoon ako'y handang pumaroon at gawin ang lahat ng mga takdang gawain na iyong ipinagkatiwala sa akin, at upang magebanghelyo pag-abot sa bagong mga tao at upang gumawa ng bagong mga alagad.*

*Panginoon, ako'y nanalangin para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na tinanggap ang iyong Salita at nais isabuhay ang kanilang buhay at maglingkod sa iyo at magdusa para sa iyong Salita. Panginoon protektahan sila at ibigay ang lahat ng kanilang mga kailangan. Panginoon iligtas sila sa lahat ng pag-uusig at ng paglusob ng diablo.*

*Panginoon pagpalain kami at tustusan kami bilang simbahan. Panginoon tulungan kami, protektahan kami, at ibigay ang para sa amin upang patuloy na maglingkod sa iyo at gawin ang iyong gawain at ang iyong kalooban. Panginoon kami'y nanalangin na paging dapatin kaming makapagtanim ng bagong mga pag-aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para simbahan at tupdin ang pananaw ng simbahan. 'Pagpaparami sa kapayapaan at sa Pagsasakatuparan ng Buong Kalooban ng Diyos'. Panginoon pagpalain kami, at palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at iligtas kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoon Jesus at ang pag-ibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316201 4
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com